

COPE

Maging handa sa mga Kalamidad



# MGA BAGYO

By Martha Keswick + Mariko Jesse + Timothy Sim



## Anu-ano ang mga natural na panganib ... at sakuna?

Mga pwersa ng kalikasan na maaring mangyayari sa buong mundo sa loob lamang ng maikling babala, katulad ng; Lindol, Tsunami,pagbaha, pag-guho, Bagyo, mga Bugso ng bagyo, heatwaves, mga sunog, tag-tuyot at pagsabog ng bulkan. Kung ang mga ***natural na panganib*** na ito ay nagbabadyang dumating sa atin, magiging sanhi ito ng ***napakalaking pinsala*** sa ating komunidad.

## Anu-ano ang mga tinatawag nating mga tropikal na bagyo?

Ito ay ang mga umiikot na bagyo na nabubuo sa mga mainit na lugar ng Atlantica, Indian at Dagat Pasipiko. Kung ang ***Tropical Cyclones*** na ito ay tatama sa lupa, magdadala ito ng napakalakas na ulan, hangin at maging bugso ng bagyo o tinatawag nating Storm Surges. Ang hangin na dala nito ay napakalakas na maaring makasira ng mga gusali at makapagpabuwal ng mga puno.

Ang mga ***tropikal na bagyo*** na ito ay may mga iba't ibang pangalan depende sa lugar na kanilang lokasyon. Sa Timog Pasipiko at sa Karagatan ng India. ito ay tinatawag na ***Mga Bagyo***. Sa Kanluran-Hilagang Dagat Pasipiko, ito ay tinatawag na Bagyo o ***Typhoon*** at sa Hilagang Atlantiko at Hilagang-Silangan dagat pasipiko, ito ay tinatawag na ***Hurricanes.***

Tuturuan kayo ni COPE kung paano Manatiling Ligtas sa panahon ng bagyo!





COPE

**Maging handa sa mga Kalamidad – MGA BAGYO**

Copyright © 2020 Martha Keswick,
Mariko Jesse & Timothy Sim.
All rights reserved.

***AUTHOR*** Martha Keswick
***ILLUSTRATOR*** Mariko Jesse
***EDITOR*** Timothy Sim

***DESIGNER*** Reita Wong
***PROJECT MANAGER*** Christine Messervy

***TRANSLATED BY*** Ma Mavelou Caspe-Belen

Published in Hong Kong by
PPP Company Limited

www.cope-disaster-champions.com

COPEdisasterchampions

Special thanks to:

***COPE CYCLONES COLLABORATOR***

JAMES COOK UNIVERSITY AUSTRALIA

***SCIENTIFIC ADVISOR***

香港天文台 HONG KONG OBSERVATORY

COPE

Maging handa sa mga Kalamidad

# MGA BAGYO

By Martha Keswick + Mariko Jesse + Timothy Sim



## Sino si Grand Mistress Fu?


Isang sikat na Tsinong guro ng Martial Arts at tagapagtatag ng Mount Emei Wushu School. Si Grand Mistress Fu ay kilala din sa pangalang Shifu. Sya ay isang disiplinado at matapang na tao subalit may malaking puso. Sya ay muntik ng mamatay nang gumuho ang kanyang paaralan noong panahon ng Wenchuan Earthquake noong Mayo 2008. At simula noon ay itinuon ni Grand Mistress Fu ang kanyang buhay sa pagbabawas sa Panganib at Sakuna.



## Ano ang The COPE Academy?



Isang internasyonal na sentro para sa kalamidad at sakuna, na nakatago sa Probinsya ng Sichuan at itinatag ni Grand Mistress Fu. Ang COPE squad -Candy, Ollie, Ping at Eddy ay mga batang ulila na kinuha mula sa mga bahay ampunan upang tumira sa The Cope Academy at sila ay sinanay bilang mga ahente sa pagbabawas ng panganib at sakuna.



### Sense

**ANG AHAS**

Isang maganda at dalawampu't limang taong gulang na sawa. Si Sense ay may espesyal na katangian na makapang hula ng mga sakuna. Sya ay pinapakain ni Grand Mistress Fu ng mga daga.

### Rescue

**ANG ASO**

Isang malaki at walong taon na gulang na Kunming Wolf Dog. Si Rescue ay naghahanap ng mga nawawalang tao. Ang paborito nyang pampalipas ng oras ay manghuli ng mga kulisap.



# Mga Myembro ng COPE









## Candy

### ANG TAGAPAG ALAGA

Labindalawang taong gulang na galing sa Kranshoek, South Africa. Si Candy ay mabait, matapang, masayahin at mahilig tumugtog ng tambol at mag hula hoop. Ang kanyang papel ay alagaan ang mga mahihina sa grupo na naapektuhan ng mga sakuna tulad ng mga bata, matatanda o ang mga may kapansanan.

*Karanasan sa Sakuna: Mga Sunog*

## Ollie

### ANG SIYENTIPIKO

Labintatlong taong gulang na galing sa Christchurch, New Zealand. Si Ollie ay matalino, sikat, isportsman at mahilig sa astronomiya at rugby. Ang kanyang papel ay intindihin ang mga pattern ng panahon, klima at ekolohiya.

*Karanasan sa Sakuna: LINDOL*

## Ping

### ANG TAGA-IKOT

Labindalawang taong gulang na galing sa Hong Kong. Si Ping ay isang praktikal, madaldal at malikhain na bata. Gustong gusto ni Ping mag luto at mag Wushu. Si Ping ang tagapag salita sa COPE squad.

*Karanasan sa Sakuna: Pagbaha*

## Eddy

### ANG INHINYERO

sang batang labindalawang taong gulang na galing sa Bahia, Brazil. Si Eddy ay isang batang mausisa, nakakatawa at gustong gusto nyang maglaro ng Lego at skateboarding. Si Eddy ay napaka talentong Inhinyero na dalubhasa sa kaligtasan ng mga gusali.

*Karanasan sa Sakuna: Pag guho ng lupa*



## Senyas ng COPE

Dahil si Eddy ay bingi, ang COPE ay nag-uusap sa pamamagitan ng Brazilian sign language na tinatawag na Libras. Maari mo bang makita ang senyas para sa **kaligtasan**, **mga bagyo** at **maghanda**?


Ang buwan ng pag ambon ay paparating na at ito ang simula ng tag ulan sa Probinsya ng Sichuan. Nasaan si Grand Mistress Fu?





Sa loob ng The Academy, maagang gumising si COPE kahit si Eddy!

Sila ay naghanda para sa umagang pagmumuni-muni.




Ooooooooooooommmmmmmmmmm

Umalis si COPE upang kumuha ng mga itlog at pumitas ng mga prutas para sa agahan.




Hindi ko maabot...
Salamat Sense!



Ngayong araw, tayo ay mag-aaral tungkol sa mga bagyo o typhoon at kung paano mananatiling ligtas!
Ngayon, COPE, ano ang dapat nyong gawin bago dumating ang bagyo?
Gumawa ng plano kasama ang iyong pamilya.
Ihanda ang iyong bahay para sa bagyo.


Ihanda ang pangunahing pangangaliangan at ilagay sa loob ng bag.
Makinig sa mga babala sa inyong Baranggay o lugar


At
HABANG BUMABAGYO?
Manatili sa loob ng bahay,
at lumayo sa mga bintana
Manatiling kalmado

# MANATILING LIGTAS




At
PAGKATAPOS NG BAGYO?
Huwag lumabas hangga't hindi ligtas.
Manatiling makinig sa balita tungkol sa panahon


Lumayo sa mga napinsalang gusali, linya ng mga kuryente, at natumbang mga puno o gumuhong lupa
Huwag maglaro sa baha


Ikalat natin ang salita.
Unang hinto,
Airlie Beach, Queensland, Australia!


Sampung minuto bago bumagsak ang bagyo
Suriin ang mga dalampasigan




Nanatili si COPE sa hostel.

Naglaro sila ng beach volleyball.

Ang saya mag-snorkeling! Naalala ni Eddy na tanggalin ang kanyang hearing aid bago lumangoy.



Pumunta sila sa BBQ ng gabing iyon.



Binisita ni COPE ang mga paaralan at samahan ng mga kabataan na malapit sa taas at baba ng dalampasigan.



Nag impake si COPE ng pangunahing pangangailangan para sa bagyo at tinawag itong “Bag ng Pangkaligtasan”. Ang bag ay naglalaman ng mga sumusunod:




Celphone
First aid kit
Listahan ng dapat tawagan
Pito
Tissue paper
Kapote
Tubig


Isulat ang numero ng telepono ng mga magulang at iligay ang litrato nila.
Mahusay!


Ihanda ang bag ng pangkaligtasan ng iyong alagang hayop
Pwedeng ilagay ang pagkain at tali ni Bella dito.

Pinakita ni COPE sa mga pamilya kung paano ihanda ang kani-kanilang mga bahay.




Mag-imbak ng mga pagkain.
Huwag kalimutan ang bola ni Bella.

Kung kailan malapit ng umuwi si COPE, saka naman ibinalita na padating na si Bagyong Debbie.



Si Sense ay hindi mapakali at paikot-ikot katulad ng mata ng bagyo. Lumalakas ang ihip ng hangin, tumataas ang alon sa dalampasigan at malakas ang buhos ng ulan. Malapit ng umabot sa **Signal number 2 ang bagyo.**

Sarado ang mga paaralan,
Kinansela ang mga flight,
Pinalikas ang mga pamilya na
madaling bahain ang mga bahay







Nagbahay-bahay si COPE sa mga lugar na nakatanggap ng babala tungkol sa *bagyong Debbie*.



Makalipas ang labindalawang oras, itinaas sa


Signal number 4 ang bagyo.



Sa loob ng hostel naghintay si COPE at nanatili sila sa kusina, malayo sa bintana. Upang hindi mainip, nagturo si Eddy ng sign language.



Si Candy ay nag ensayo ng kanyang hula hoop samantalang si Rescue at nanghuli ng mga insekto. Naglaro sila ng board games at **nanatiling kalmado.**



Ang lakas ng hangin ay umabot sa

263 kilometro bawat minuto.



Umuugong ang hangin tulad ng tren. Nabasag ng ulan ang mga bintana at lumipad ang mga bubong ng bahay. Ang trampoline ay nilipad ng malakas na hangin.




Biglang namatay ang lahat ng ilaw.



Narinig ni COPE ang ingay ng mga ibon sa labas.

Malakas silang kumakapit sa sanga ng mga puno upang makaligtas.



Kinabukasan ay kalmado na ang panahon.

## Ligtas ng lumabas ng bahay.

Agad tiningnan ni COPE ang mga ibon. Ang isa ay pinangalanan na hango sa bagyong Debbie. Naubos ang lahat ng kanyang balahibo.




Ang ganda! Sana ay maaari nating dalhin si Debbie pauwi.
Magandang ideya, Candy, subalit mahina pa si Debbie para mag byahe.

Malaki ang pinsalang naidulot ni bagyong Debbie.

Maraming bahay at pananim ang nasira. Natumba ang mga puno.



Kahit lumabas na ang bagyo ay wala pa ring tigil ang pag buhos ng malakas na ulan.






May banta ng malaking pag baha

at mas maraming pamilya ang inilikas.

Si COPE Champion ay naglinis ng mga kalat, pinunasan ang mga tubig at nagtapon ng mga basura.




Makalipas ang ilang araw,
kailangan ng umalis si COPE
para sa susunod nilang misyon.



Ipinagmamalaki ni Grand Mistress Fu ang kanyang skwäd.

Nanatili silang ligtas sa gitna ng Bagyong Debbie.






Nawala na ang ambon sa kanilang pag lapag pabalik sa Mount Emei.

## Mga Kontribyutor Ng COPE



### Martha Keswick

**COPE**

**MAY AKDA**

Si Martha ang may akda ng sikat na bilinggwal na Max and Mei, ang librong serye ng mga larawan. Ang makatotohanang serye ng Zhongguo Mingren na tungkol sa mga sikat na tao sa Tsina at ang maaksyon na serye ng komiks na Pangu. Ang trabaho ni Martha para sa Keswick Foundation ay madalas na sumusuporta sa mga proyekto na angkop sa mga sakuna sa bansa ng Tsina.

Si Martha ay nakatira sa Hong Kong kasama ang kanyang asawa, apat na mga anak at dalawang aso.



### Mariko Jesse

**COPE**

**ILUSTRADOR**

Si Mariko Jesse ay nag aral sa Central St Martins, kung saan sya nag turo. Sya ay ang kilalang Malayang Ilustrador na nagtatrabaho sa ibat-ibang proyekto sa buong mundo mula sa mga larawang libro hanggang sa keramika.

Si Mariko ay nakatira sa Tokyo kung saan sya ay palaging handa sa maaring pagdating ng lindol.



### Timothy Sim

**COPE**

**TAGA PATNUGOT**

Si Doktor Timothy Sim ay isang Associate Professor sa Departmento ng Applied Social Sciences sa The Hong Kong Polytechnic University. Nagsimula si Tim bilang isang Social Worker na dalubhasa sa therapy ng pamilya at ngayon ay naka pokus sa pagbabawas ng sakuna. Nagsusulat ng maraming libro sa salitang Tsina at Ingles.

Nakatira si Tim sa Hong Kong at nagtatrabaho kasama ng maraming tao sa buong mundo upang magsasaliksik sa paghahanda sa sakuna.



We all too often underestimate children, their innate wisdom and ability to manage crisis without drama. However, these wonderful COPE books, so creatively and intelligently written, keep the child in mind. They are born of a recognition that the most powerful way to protect the young is not by sheltering them from such uncomfortable truths, but by giving them the tools and understanding necessary to survive.

— LAUREN CHILD MBE
Children's Book Author and Illustrator

Cyclones are part of life in Australia and we are excited to have the COPE squad on board with child-friendly advice to keep communities safe. With engaging characters, simple language and beautiful illustrations, Cyclones shines a light on children as leaders in disaster risk reduction.

— AMANDA LECK
Executive Director, Australian Institute for Disaster Resilience

By embracing lovely characters, exquisite drawing and riveting stories, the COPE series did a commendable job in prompting awareness and preparedness for various natural disasters and conveying relevant lifesaving knowledge for children and their family members.

— DR LEE TSZ-CHEUNG
Senior Scientific Officer, Hong Kong Observatory

**COPE Academy, Probinsya ng Sichuan.**

Sa ilalim ng pangangalaga ni Grand Mistress Fu, Ang COPE skwäd ay pinag aralan ang natural na mga panganib at sumailalim sa masinsinang pagsasanay. Sumama sa kanilang misyon sa Airlie Beach, Queensland, Australia kung saan ipinakita nila ang kanilang kaalaman at talento sa mga pagbabawas ng mga panganib.



COPE TITLES

- Mga Lindol
- Baha
- **Mga Bagyo**
- Mga pagguho ng lupa
- Mga Bugso ng bagyo
- Tagtuyot
- Tsunami
- Mga Sunog
- Mga Heatwave
- Mga Bulkan

COPE

Make the Difference.

www.cope-disaster-champions.com
COPEdisasterchampions